ANG KUSOG SAN REBOLUSYON



Enero - Setyembre 2022
Taon IX. Isyu Blg. 2

PAHAYAGAN SAN REBOLUSYONG MASBATENYO - REHIYONG BIKOL

Pandayin ang rebolusyonaryong lakas ng masang Masbatenyo! Ipagtanggol ang mga nakamit na pagsulong at labanan ang rehimeng Marcos-Duterte!

Taglay ang mga aral sa masalimuot na pagharap sa walang kapantay na atakeng pasista at neoliberal ng nagdaang rehimen, buong tapang na lalabanan ng mamamayang Masbatenyo ang ilehitimo, magnanakaw at pasistang rehimeng Marcos II. Sa harap ng tangka ng rehimeng Marcos II na isadlak ang buong Masbate sa pagdurusa at paghihirap, mapagpasyang pamumunuan ng rebolusyonaryong kilusan ang mamamayan ng prubinsya sa pakikibaka para sa kanilang lupa, karapatan, kabuhayan at buhay.



Tiyak na puno ng paghihirap at mas matitinding mga hamon ang susuunging laban. Sa layuning lunurin sa takot ang masa, buwagin ang kanilang pagkakaisa,

isuko ang kanilang pakikibaka at ilayo sila sa rebolusyon, pinaiiral ang batas militar at paghaharing teror sa Masbate.

Dinumog ng labis-labis na pwersa ang prubinsya. Halos lahat ng bayan ay sinaklaw ng militarisasyon at walang tigil na mga operasyon. Malaganap ang pagpatay at pagmasaker. Lahat ng taumbaryo ay pinalabas na mga sumukong NPA. Maramihan ang binubugbog, dinudukot, inaaresto at sapilitang pinalalayas sa kanilang mga tahanan. Pinagsasamantalahan ang mga kababaihan. Binagsakan ng bomba ang mga komunidad. Sa halip na mga pangakong proyekto, kaliwa't kanang ditatsment ang ipinatayo. Itinuturing na terorista o NPA ang pag-oorganisa at pagkilos ng masa. Tahasang yinuyurakan ang sibilyang otoridad. Malaganap na inaagaw ang mga lupang sakahan at winawasak ang kabuhayan ng masa.

Habang hinahagupit ng matinding atakeng militar ang prubinsya, hakbang-hakbang na nagpapalawak ang mga malalaking proyektong neoliberal na magdudulot ng malawakang pang-aagaw ng lupa, pagkasira ng kalikasan at pagkawasak ng kabuhayan.

Sinubok ng walang kapantay na opensibang pasista at neoliberal kapwa ang katatagan ng mga naipundar na pagsulong ng digmang bayan sa Masbate. Subalit sa kabila ng matinding atake, bigo ang opensibang militar ni Duterte sa Masbate. Pinangibabawan ng rebolusyonaryong kilusan ang matitinding pagsubok upang pamunuan ang paglaban ng mamamayang Masbatenyo.

Nagpunyagi ang Bagong Hukbong Bayan sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba kapwa upang biguin ang mga pokusadong operasyong militar at ipagtanggol ang masa sa kampanya ng pasistang teror sa prubinsya. Higit sa lahat, itinulak ng araw-araw na hambalos ng krisis at abusong militar ang lalong paglawak ng suporta ng masa sa armadong pakikibaka. Walang larangang gerilya ang nabuwag. Lalong hindi nabitawan ng Hukbo ang mahigpit na pakikipag-ugnayan sa masa.

Sadlak man sa takot, ipinasulyap ng kilusang masang Masbatenyo ang kanilang potensyal na lakas sa ilang mga nailunsad na pagkilos at pakikibakang masa upang ilantad at panagutin ang militar at pulis sa kanilang mga krimen. Maraming organisasyong masa ang nakapangibabaw sa atakeng militar at aktibong nakakilos.

ANG KUSOG SAN REBOLUSYON

Taon IX | Isyu Blng 2 | Enero-Setyembre | 2022

Ang ***Ang Kusog*** ay ilinalabas sa pinagsamang lengwaheng Tagalog, Masbateño at Cebuano. Maaari itong i-download sa : **cpp.ph**

Tumatanggap ang Ang Kusog ng mga kontribusyon sa anyo ng artikulo at balita. Ineengganyo rin ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlag ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng pagbigay sa mga kasamang kumikilos sa inyong mga lugar saanmang bahagi rito sa ating prubinsya.

NILALAMAN

Editoryal: Pandayin ang rebolusyonaryong lakas ng masang Masbatenyo! 1
Atakeng militar sa Masbate, isa sa pinakamatindi sa mga nagdaang taon 6
Batas Militar sa Masbate 8
Ang nagpapatuloy na Anti-pyudal na pakikibaka sa Rantso Pecson 10
Mga rebel returnees sa Masbate 12
Mga taktikal na opensiba ikinasa ng BHB 13
Ang 27-taong pakikibaka ni Juan Alcomindas 14
Hamon sa masang Masbatenyo 16


OPENSIBANG NEOLIBERAL SA MASBATE



Ekspansyon ng Filminera - Masbate Gold Project sa mga bayan ng Mobo at Uson



Ekoturismong Masbate International Tourism Enterprise at Special Economic Zone ng kumpanyang Empark (Dimasalang at Palanas)



Kampanyang pag-agaw muli sa mga dating malalaking rantso



Pagpapatayo ng Masbate International Airport (So. Embudo, Brgy. Jamorawon, Milagros)



Matibay Cement Factory (Brgy. Casabangan, Pio V. Corpus)



P8 bilyong solar plant sa So. Bugtong Lubi, Brgy. Curvada, bayan ng Cataingan

Higit sa lahat, napanghawakan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang pamumuno nito sa Hukbo at masa. Lahat ng mga tagumpay na ito ay puhunan ng rebolusyorayong kilusang Masbatenyo upang magiting na harapin ang mas malagim na banta ng rehimeng Marcos II.

Sa layuning isagad ang pang-aapi at pagsasamantala sa sambayanan, itinaguyod ng imperyalismong US ang paghahari ng pangkating Marcos-Arroyo-Duterte bilang kinatawan ng malakolonyal at malapyudal na estado. Pinanumbalik ang mga Marcos sa poder at pinanatili sa kapangyarihan ang mga Arroyo at Duterte upang buuhin ang pinakagahaman at pinakapasistang alyansa sa kasaysayan ng bansa. Hawak ng pangkating ito ang halos kumpletong makinarya para sa buo-buong pag-iral ng pasismo at terorismo ng estado sa hibang na layuning durugin ang rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan.

Sa ilalim ni Marcos Junior, tiyak ang mas agresibong gera kontrarebolusyon at opensibang neoliberal. Sa kanayunan, humuhugis ito bilang isang pinatinding gera kontra-magsasaka ng AFP at PNP upang bigyang-daan ang pagkumpleto ng mga mapaminsalang pakanang neoliberal ng malalaking kapitalista't kurakot na mga upisyal.

Inaasahang patuloy na magiging kabilang ang Masbate sa pinatinding gera kontra-magsasaka ni Marcos Junior. Partikular niyang interes ang muling agawin sa mga magsasaka ang mga lupaing dating kontrolado ng kanyang pamilya at ipaalaga ito sa kanyang masusugid na kroni sa prubinsya. Isasakatuparan ito sa patuloy na paghaharing teror ng AFP-PNP-CAFGU sa mga komunidad. Patuloy na paiiralin ang batas militar sa Masbate habang pinagsasaluhan ni Marcos at ng mga dayuhan at lokal na naghaharing-uri ang pagdambong sa mayamang lupain at rekurso ng prubinsya.

Sa kalunus-lunos na sasapitin ng pinakamamahal nilang Masbate sa kamay ni Bongbong Marcos at Sara Duterte, lalong namumulat ang masa sa kawastuhan at pangangailangang lumaban at

magrebolusyon. Pinatunayan ng malawakang dayaan noong eleksyong 2022 na walang mapapala ang mamamayan sa huwad at reaksyunaryong halalan. Sa kalagayang ito, taos-pusong panata ng rebolusyonaryong kilusan na itaas ang kakayahang lumaban ng masa at ng kanilang Hukbo at gabayan sila tungo sa mas mataas na antas ng pakikidigma.

Sa rebolusyonaryong paglaban ng mamamayang Masbatenyo, napahina ang ilang dekadang paghahari ng mga malalaking rantsero at panginoong maylupa sa prubinsya. Malalawak na lupain ang naipaglabang mapasakamay at ngayo'y pinakikinabangan ng mga magsasaka sa pamamagitan ng kolektibong produksyon. Mula sa matabang lupang ito naitayo ang mga binhi ng mga gubyernong mamamayan na mismo ang nangangasiwa. Lahat nang ito'y nakasandig sa lakas na inaabot ng armadong pakikibaka sa prubinsya.

"Hamon sa mamamayang Masbatenyo at rebolusyonaryong kilusan na ipagtanggol ang mga tagumpay na ito sa pagsusulong ng digmang bayan. Kinakailangang higitan pa ang mga dating pagsisikap upang tupdin ang mga mabibigat na tungkuling kaakibat nito."

Hamon sa mamamayang Masbatenyo at rebolusyonaryong kilusan na ipagtanggol ang mga tagumpay na ito sa pagsusulong ng digmang bayan. Kinakailangang higitan pa ang mga dating pagsisikap upang tupdin ang mga mabibigat na tungkuling kaakibat nito.

Bilang susing kawing sa rebolusyonaryong pagkilos ng magsasaka, napakahalaga para sa masang Masbatenyo ang pagsusulong ng rebolusyong agraryo laluna sa harap ng papatinding gera kontra magsasaka sa ilalim ng rehimeng Marcos II. Ang rebolusyong agraryo ang apoy na muling magpapasiklab sa kilusang masang Masbatenyo.

Ilunsad ang mga pakikibakang anti-pyudal laban sa kampanyang pang-aagaw ng lupa ng rehimen. Ilantad at hadlangan ang huwad at militaristang repormang agraryo at lahat ng pakana upang isuko ng mga magsasaka ang kanilang pakikibaka para sa lupa. Huwag bitawan ang paglaban sa iba pang pagsasamantalang malapyudal tulad ng pagpapataas ng presyo ng produktong agrikultural, at pagpapababa ng presyo ng pestisidyo at abono, at pagpawi sa usura at iba pang pasanin ng magbubukid at mangingisda.

Sa pagsigla ng mga pakikibakang anti-pyudal maitutulak ang pagbangon ng kilusang anti-pasista. Itayo, buhayin at patatagin ang sama-samang pagkilos ng komunidad bilang haligi ng paglaban sa nagpapatuloy na militarisasyon sa prubinsya. Ikampanya ang pagpapalayas sa mga kampo at tropa ng militar. Panagutin ang AFP-PNP-CAFGU sa malawakang pagpaslang at iba pa nilang krimen. Ilantad ang pakana ng pekeng pagpapasurender. Itakwil ang malaganap na pangsasaywar at iba pang pakana ng militar upang sirain ang pagkakaisa ng masa. Hamunin ang mga lokal na yunit ng gubyerno na igiit ang sibilyang otoridad.

Iugnay ang anti-pyudal at anti-pasistang mga pakikibaka sa banta ng papalawak na imperyalistang pagdambong. Tutulan ang ekspansyon ng minang Filminera, pakanang ekoturismo, airport, malalaking rantso at iba pang kontra-mahirap at kontra-magsasakang proyektong neoliberal sa prubinsya.

Isa ring hamon ang pagpapatatag at sustenidong paggana ng mga binhi ng pulang gubyerno na nasimulan ng ipundar sa prubinsya.

Bilang armas at tagapagtanggol ng masa, panata ng Bagong Hukbong Bayan na paigtingin ang armadong pakikibaka upang biguin ang papatinding opensibang militar sa ilalim ni Marcos, Jr. Bawat

taktikal na opensibang ilulunsad ng Hukbo ay magsisilbing inspirasyon sa masa upang lumaban at kamtin ang hustisya. Bawat Pulang kumander at mandirigma ay magiging tagapamandila ng rebolusyonaryong disiplina, sigasig at sakripisyo. Isasabuhay nila ang pagiging soldados san pobre sa buong pusong pagyakap sa simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka. Kaligayahan at karangalan nila ang buong buhay na paglilingkod sa sambayanan. Maraming kabataan ang nagnanais na tumulad sa kanila at magpultaym sa BHB.

Haligi ng mga pagsisikap na isulong ang digmang bayan sa mas mataas na antas ay ang pangangailangang palakasin ang pamumuno ng Partido. Titiyakin ang tuluy-tuloy at mas abanteng pagkilos ng mga itatayo o palalakasing mga sangay at komite ng Partido. Tatapatan ito ng pagsabak ng Hukbo at Masa sa praktika ng puspusang pakikibaka upang mapalalim ang kanilang teoretikal na pundasyon. Ikokonsolida ang ideolohikal at pulitikal na kamulatan ng bawat pwersang rebolusyonaryo sa pamamagitan ng sustenidong propaganda, edukasyon at araw-araw na pagsasabuhay ng pagtatasa, pagpuna at pagpuna sa sarili.

Kasabay ng ika-50 taong anibersaryo ng Batas militar, ang rebolusyonaryong kasaysayan ng mamamayang Masbate na naipundar sa paglaban sa diktadura ng naunang Marcos ay tinatangkang burahin ng anak na si Bongbong. Kinakailangan ang mga kampanya ng edukasyon, laluna sa mga kabataan, upang ipasariwa ang kabuluhan ng rebolusyon sa kanilang buhay at ang pangangailangang tahakin ang landas na ito.

Sa paglubha ng krisis, wala nang puwang para magpatumpik-tumpik at manahimik. Anumang sitwasyon, sa normal man o pinakagipit, ay pagkakataon upang isulong ang rebolusyonaryong gawain. Ituring ang mas maraming pagsubok bilang mas maraming pagkakataon upang sumulong at magtagumpay.

Walang dapat ipangamba ang mamamayang Masbatenyo. Nananatiling matabang lupa ang islang Masbate para sa pagrerebolusyon. Sa tanglaw ng Partido, lakas ng Hukbo at pagkakaisa ng masa, nasa landas ng pagbangon ang prubinsya.

Hinggil sa bagong disenyo ng Ang Kusog



BAGONG DISENYO




LUMANG DISENYO

Sinisimbolo ng bagong bihis na **Ang Kusog** ang lalong sumisiglang determinasyon ng rebolusyonaryong kilusan na pandayin ang pagkakaisa ng mamamayang Masbatenyo at pamunuan sila sa pagsusulong ng rebolusyong pakikibaka.Tiyak lulubha ang krisis. Titindi ang pang-aapi at pagsasamantala. Sasahol ang paghihirap at pang-aabuso. Walang ibang solusyon kundi lumahok sa demokratikong rebolusyon.

Sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pahayagan, panata ng rebolusyonaryong kilusan na mas malawak at mas agresibong maipalaganap ang paninindigan at programa ng demokratikong rebolusyon, gayundin ang buhay na karanasan ng pakikibakang Masbatenyo. Ito ay upang mamulat ang masa sa kabuluhan ng rebolusyon sa araw-araw nilang buhay at ang kawastuhan at pangangailangang tiyakin ang landas na ito, sa pamamagitan ng digmang bayan upang makamtan ang tunay na pagbabago.

Atakeng militar sa Masbate, isa sa pinakamatindi sa mga nagdaang taon

Sa ilalim ng rehimeng US-Duterte, naranasan ng mamamayang Masbatenyo ang di-matatawarang militarisasyon at pagyurak sa kanilang karapatan. Pinakamatindi ang mga paglabag sa karapatang tao sa kanyang huling dalawang taon, kung saan naitala sa prubinsya ang pinakamaraming kaso ng iligal na pag-aresto at pagsampa ng gawa-gawang kaso, sapilitang pagpasurender, pagdukot, tortyur at ekstrahudisyal na mga pagpaslang at masaker.



Kinatangian ang kanyang mga nalalabing termino ng desperasyon. Idineklara ng rehimen ang kampanyang "huling tulak" para palabasing nagtatagumpay ang pakana ng rehimen na durugin ang Bagong Hukbong Bayan. Subalit ang "huling tulak" para durugin umano ang armadong rebolusyon ay walang iba kundi ang pinalupit na maruming gera laban sa sibilyan.

Hibang na pinaniwalaan ng pasistang AFP at PNP ang estratehiyang "limasin ang tubig para mamatay ang isda" para bigyang katwiran ang armadong pagsupil sa mga sibilyan at di-armado. Ginamit ang halos kumpletong makinarya para sa panunupil sa ilalim ng Memorandum Order No. 32, Executive Order No. 70 – National Task Force to End Local Communist Armed Conflict at ang batas ng terorismo ng estado na Anti-Terror Law upang alisin anumang pagkakaiba ng sibilyan sa kombatant.

Isa sa pinuntirya ng gera laban sa sibilyan ang Masbate. Mahigit limang batalyon ang ipinakat at ikinalat sa buong isla para maglunsad ng kampanyang teror sa ilalim ng Retooled Community Support Program at mga focused military operations. Halos lahat ng bayan ay sinaklaw ng malawakan at matagalang militarisasyon. Kahit mga operasyong kombat na target ang Hukbo, sibilyan pa din ang inaasinta. Pinakamatindi ang mga atake mula 2021-2022 kung saan naitala ang humigit-kumulang 92 kaso ng mga abusong militar at paglabag sa karapatang tao laban sa daan-daang biktima.

Pinakamatinding bigwas ng pasistang atake sa prubinsya ay ang malaganap na pagpatay at pagmasaker sa mga sibilyan, na karaniwa'y sa tipo ng mga NPA kaya pinatay na operasyon. Pinakamadalas na isinagawa ang mga pagpatay sa ikalawang distrito ng prubinsya, kung saan paisa-isang dinudukot ang ilang mga sibilyan at tinitipon sa isang lugar upang doon imasaker at palabasing mga NPA na napatay sa engkwentro. Karaniwan ding dis-oras ng gabi o madaling araw isinasagawa ang mga operasyon. Tampok na mga kaso ang pagmasaker sa tatlong sibilyan sa So. Purang, Anas, Masbate

City noong Hulyo 7, 2021 at sa limang sibilyan sa barangay Bugtong, Mandaon noong Oktubre 23, 2021. Parehong pinalabas na namatay sa engkwentro lahat ng mga biktima. Ito rin ang sinapit ng tatlong magkokopra na sina Wilfredo "Pading" Cabilis, Christian Romero at Ponciano Rosialda sa barangay Baang, Mobo noong Setyembre 13, 2021. Pinaslang si Cabilis sa sumunod na mga araw, Setyembre 16 sa barangay Calasuche, Milagros habang ikinulong sa batalyon hedkwarter sa Brgy. Bacolod, Milagros ang dalawa niyang kasamahan. Samantala, 10 sibilyan ang iligal na inaresto noong Hulyo 19, 2022 sa So. Laray, Brgy. San Carlos, Milagros.

Isa rin ang Masbate sa pinokusan ng kampanyang pagpapasurender. Mula taong 2021-2022, isinailalim ang halos lahat ng bayan sa RCSP at FMO. Lahat ng mga barangay na may RCSP ay tinarget ng kampanyang pagpapasuko. Sa bayan ng Palanas, halos lahat ng mga residente ng 17 barangay ang sapilitang pinasuko ng mga militar at pulis. Walang pinipili ang palabas na mga surender, bata o matatanda, pinupwersang pahawakin ng baril at pinipiktyuran upang palabasing mga sumukong regular na miyembro o supporter ng NPA. Ipinatawag sa mga baryo ang mga tao upang linisin umano ang kanilang mga pangalan. Ang mga hindi dumalo sa mga patawag o pulong ay ipapasundo sa mga barangay upisyal at isinasailalim sa matinding interogasyon at saywar.

Ginamit ng AFP at PNP ang red-tagging upang akusahan ang buong komunidad. Kahit walang abogado, pinupwersa ang mga sibilyan na "umamin" sa paratang. Paisa-isang isinasailalim sa interogasyon ang mga tao, pinalalahok sa rali at pinapipirma sa mga papel bilang patunay na "kusa" silang sumurender. Pwersahang nirerekluta sa CAFGU ang mga kalalakihan. Tuwirang inalisan ng otoridad at kalayaang sibil ang mamamayan.

Bumalik ang mga anti-sosyal na gawain at naging mas malaganap ang mga krimen sa mga lugar na may presensya ng militar at pulis. Nangunguna sila sa iligal na panghahalughog sa kabahayan at pagnanakaw. Pasimuno sa paglalasing, pagsusugal, pagsasabong at pagpapalaganap ng droga laluna sa kabataan. Nakapagtala rin ng iilang kasong panggagahasa ang militar at pulis sa lugar kung saan may mga itinayo silang kampo.

Labis na pahirap at perwisyo ang hatid ng AFP at PNP laluna sa minsa'y ilang linggo o buwan na pagbabawal sa mga magsasaka at mangingisda na pumunta sa kanilang sakahan at mangisda. Nagtakda ng oras ng curfew ang mga militar at pulis sa mga komunidad. Nagpataw ng blokeyo sa pagkain. Iligal na nagtatayo ng tsekpoynt at kinural ang mga komunidad. Nirerekisa ang mga naglalabas-pasok na mga tao sa lugar na kanilang ginawang himpilan.

Nagpapatuloy naman ang pang-aagaw ng lupa sa Masbate. Matagal ng pinaglalawayan ng mga lokal na panginoong maylupa at rantsero ang malawak na lupaing agrikultural sa prubinsya. Nahaharap sa bantang pangangamkam ng kanilang mga sakahan ang ilang daang magsasaka sa mga lupain ng Pecson at T.R. Yanco. Nitong nagdaang ikalawang linggo ng Setyembre, kinasuhan ng malaking kumpanyang ekoturismo na Empark Land Development, Inc. ang mga lehitimong magsasaka at ilang dekada nang nagbubungkal sa mga lupaing nais kamkamin ng kumpanya. Ipinagtatanggol naman ng mga magsasaka sa Pecson ang kanilang mga sakahan matapos muling ninanais lagyan ng bakod ang lupain. Sa Pecson, 94 pamilya ang pwersahang pinalalayas ng 2nd Infantry Battalion Ph. Army at armadong tauhan ni Brgy. Capt. Adriel "Boyet" Besana. Makailang ulit ng bumalik ang mga militar at armadong tauhan ni Besana upang maglagay ng bakod.

Binabalot ng takot ang mga komunidad sa paghulog ng bomba ng AFP at PNP na tumarget sa kanilang mga sakahan at kaingin. Napilitang lumikas ang mga tao dahil sa takot na anumang oras ay muling maghulog ng bomba sa kanilang lugar. Sa rehiyong Bikol, isa ang Masbate sa dalawang prubinsya na lunsaran ng matinding operasyon. Naghulog ng bomba ang dalawang black hawk helicopter sa barangay Bayombon at Biyong sa Masbate City noong Agosto 23, 2021 at Pebrero 20, 2022.

Layunin ng pinatinding pasismo ng AFP at PNP na lupigin sa sindak at paluhurin sa kanilang kapangyarihang ang sibilyang komunidad. Nais rin nitong buwagin ang mga samahan at pwersahang isuko ang pakikibaka ng mga magsasaka, magbubukid at mangingisda para sa kanilang lupa at kabuhayan. Binibigyang-daan din ng mga atakeng militar ang mapandambong at mapangwasak na malaking kumpanya ng mina, pagtatayo ng mga proyektong ekoturismo, imprastruktura at pagrarantso sa Masbate.

Upang palabasing maraming nakamit na "tagumpay" ang AFP at PNP laban sa rebolusyonaryong kilusan at BHB, ginamit nito ang social media at mass media upang magpakalat ng disimpormasyon at pekeng mga balita. Kaliwa't kanan ang mga balitang pekeng engkwentro.

Sa ilalim ng pamumuno ng panibagong Marcos tiyak na ipagpapatuloy at mas titindi pa ang armadong panunupil, militarisasyon at terorismo ng estado. Nagbingi-bingihan ang rehimeng Marcos II sa kaliwa't kanang panawagan ng mamamayan na ipawalang-bisa o ibasura ng tuluyan ang mga kautusan at batas na mapanupil at lumalabag sa karapatang tao. Sa halip, ipinag-utos kamaikailan ng bagong pangulo at bagong talagang hepe ng Armed Forces of the Philippines na si Marcos Junior na pabilisin ang tiyempo ng mga operasyon laban sa Bagong Hukbong Bayan. Nilalayon nitong "tapusin kaagad kung kaya" ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Puspusan na ito ngayong ipinapatupad ng AFP at PNP. Wala pa mang tatlong buwan simula ng maupo si Marcos Junior ngunit lampas na sa tatlo ang bilang ng panibagong biktima ng armadong panunupil ng tauhan ng estado sa prubinsya. Sa magkasunod na buwan ng Agosto at Setyembre, nakapagtala na kaagad ng 2 kaso ng pang-iistraping at panunupil at 2 kaso ng pamamaslang ang mga militar at pulis. Kabilang rito ang pagpaslang sa dalawang mangingisda matapos sinalbeyds ng militar noong Agosto 19, 2022, alas-3 ng madaling araw sa So. Guintariban, Brgy. Piña, San Jacinto sa isla ng Ticao.▼

Batas Militar sa Masbate

Sa hibang na layuning durugin ang rebolusyonaryong paglaban ng mamamayang Masbatenyo, idineploy sa Masbate ang isa sa pinakamalaking konsentrasyon ng pwersang militar at pulis sa kasaysayan ng prubinsya.

Ang labis-labis na pagpapalaki ng armadong pwersa ay sang-ayon sa pinasinsing kampanyang kontrainsurhensya ng US sa Pilipinas. Kinatatangian ang kasalukuyang kontra-rebolusyonaryong digma ng US ng paglulunsad ng malakihan at malawakang opensibang joint operations (pinagsanib na operasyon) kasama ang paggamit ng mga haytek na armas pangwasak.

Sa ilalim ng joint operations, pinaiigting ang koordinasyon ng iba't ibang larangan ng pakikidigma (lupa, dagat, himpapawid at cyber) at sangay ng armadong pwersa. Lahat ng ito'y pinaiilalim sa iisang kumand para sa pagsasagawa ng mga koordinadong gulpi-de-gulat na opensibang militar laban sa Hukbo. Itinayo para rito ang iba't ibang Joint Task Force sa antas ng mga pinag-isang kumand sa mga erya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na target pokusan ng pagdumog. Halimbawa nito ay ang binuong Joint Task Force Bicolandia sa rehiyong Bikol.

Sa ilalim ni Duterte, walang habas na nagdagdag ng mga yunit pangkombat ang AFP at PNP, laluna para sa tinaguriang huling tulak na atake laban sa rebolusyonaryong kilusan. Taglay ang sobra-sobrang pwersa, magagawa ng AFP at PNP na buhusan ng tropa ang ilang mga prayoridad na erya upang paglunsaran ng mga Focused Military Operations.

Isa ang Masbate sa mga naging prayoridad ng pinaigting na kontrainsurhensyang digma. Mula nang ipatupad ang mga pasistang direktibang Memorandum Order No. 32 at EO 70-National Task

Force to End Local Communist Armed Conflict, unti-unting pinadalhan ng dagdag na pwersa ng AFP at PNP ang prubinsya.

Sa kasalukuyan, umaabot sa humigit-kumulang limang batalyon ng pinagsamang pwersa ng militar at pulis ang nakadeploy sa prubinsya, pinakamalaki sa buong rehiyong Bikol. Hindi pa kasama sa naturang bilang ang mga regular na pulis munisipyo at CAFGU.

Kabilang sa dagdag pwersa sa Masbate ang ilinipat na 96th IBPA, isang regular na batalyong na unang ipinakat sa Camarines Norte at unang distrito ng Camarines Sur. Notoryus ang 96th IB sa paglilibing ng buhay sa tatlong magkokopra sa bayan ng Ragay. Ang naturang batalyong din ang tumayong protektor sa mga malalaking kumpanya ng mina sa Camarines Norte.

Pakay ng konsentrasyon ng AFP at PNP sa Masbate ang isustine ang mga opensibang militar sang-ayon sa doktrina ng joint operations. Sumasang-ayon ito sa panibagong taktika ng AFP na pabilisin ang tiyempo ng mga operasyon laban sa BHB, ayon sa atas ni Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr, na tapusin agad kung kaya ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Nagkukumahog silang ipitin ang mga larangan at kanilang ugnayan, alisan sila ng inisyatiba, pasikipin ang kinikilusan ng BHB hanggang masukol ang mga namumunong yunit ng Hukbo at komite ng Partido.

Dahil sa malaking pwersa, makakayanang magsagawa ng mga tuluy-tuloy na mga operasyon sa malawak na saklaw at maging pleksible sa mga ginagamit na tropa. Makikita ito sa mas madalas at mas dumog na mga Focused Military Operations ng magkakasanib na yunit ng militar at pulis na sinusuportahan ng maliliitang mga operasyon. Ang ilan namang mga karanasan ng pambubomba ng militar mula sa himpapawid ay patunay sa pagiging integral ng cyber sa mga operasyon, kung saan mabilis ang pasahan ng mga drones at attack helicopter ng mga impormasyon sa mga target nilang base ng Hukbo.

MILITARISASYON SA MASBATE

5 BATALYON pinagsamang pwersa ng AFP at PNP sa prubinsya (liban pa sa mga munisipal na yunit ng pulis at CAFGU

PHILIPPINE ARMY - TATLONG BATALYON



2 regular na batalyon (2nd at 96th IBPA)

1 batalyon ng mga ispesyal na yunit (93rd CMO, 96th MICO at 93rd DRC)

PNP PANLABANG YUNIT - DALAWANG BATALYON



2 kumpanya ng Regional Mobile Force
2 kumpanya ng PNP SAF (91st at 92nd SAC)
2 kumpanya ng Provincial Mobile Force (1st at 2nd PMFC)
Regional Intelligence Unit

Hindi pa kasama sa bilang ang higit isang batalyong pormasyon ng munisipal na pulis, isang batalyong lakas ng CAFGU at SCAA (security ng Filminera), mga paramilitar tulad ng armadong grupo ni Brgy. Capt. Boyet Besana at mga rebel returnees

90% ng lahat ng bayan sa prubinsya ang sinaklaw ng militarisasyon



Liban sa mga operasyong kombat, may malaking pwersa sa prubinsya na kayang isustine ang paglulunsad ng militarisasyon sa mga komunidad sa ilalim ng Retooled Community Support Program. Kapansin-pansing liban sa army, nagsasagawa rin ng kani-kanilang bersyon ng RCSP ang mga pulis at iba pang sangay ng militar tulad ng navy at air force. Ang mga tropang ito ay kasalukuyang kinakanlong ng kaliwa't kanang mga kampo militar sa prubinsya.

Tinitiyak rin ng malaking pwersa sa prubinsya ang madaling pagpasok ng malalaki at mapaminsalang mga neoliberal na proyekto. Isang halimbawa nito ay ang mga serye ng clearing operations sa ikalawa at ikatlong distrito ng prubinsya kung saan inaasahang mag-ekspand ang operasyon ng Filminera at magpatayo ng malaking airport.

Tulad ng inaasahan, katambal ng napakalaking pwersa ang mas matinding terorismo at abusong militar. Halos lahat ng bayan sa prubinsya ay hinahagupit ng kampanyang teror at pananakot ng militar. Hiindi nakapagtatakang nangunguna ang Masbate sa bilang ng mga pampulitikang pamamaslang at iba pang paglabag sa karapatang-tao.

Subalit ang mistulang bentahe ng militar sa pwersa ay hindi tanda ng kanilang kalakasan, kundi ng kanilang desperasyon, kahinaan sa pulitika at kawalan ng suporta ng masa. Patunay dito ang kabiguan ng AFP at PNP na durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa prubinsya. Walang nabuwag na larangang gerilya sa ilang taong pananalasa ng kampanyang gulpi-de-gulat. Higit pa'y patuloy din ang pag-igting ng armadong pakikibaka, patunay ang sustenidong paglulunsad ng mga taktikal na opensibang nagdulot ng maraming kaswalti sa panig ng kaaway.

Ang nagpapatuloy na Anti-pyudal na pakikibaka sa Rantso Pecson

Isang agrikultural na lupain ang Rantso Pecson na may lawak na 1,320 ektarya. May malawak na kapatagan na tinatamnan ng mga magsasaka ng palay, mais, kamote, kamoteng kahoy, gulay at mga prutas. Sa lupaing ito matatagpuan ang ilang dekadang pakikibaka ng mga magsasaka upang ipagtanggol ang karapatan sa lupa laban sa makailang ulit na tangkang agawin ito sa kanila.

Mga tangkang pag-agaw

Sing-aga pa ng 1935, ang nagbungkal at nagpaunlad ng lupaing Pecson ay ang mga magsasaka. Sa kabila nito, ilang beses tinangka ng mga panginoong maylupa at mga rantsero na palayasin ang mga magsasaka. Isa ang rantsong Pecson sa inangkin ng Espanyol noong panahon ng kolonyalismo. Upang hindi ito mapasakamay sa mga magsasaka ipinasapasa ang pagmamay-ari nito sa ilang malalaking pamilya kung saan pinakamapagsamantala ang pamilyang Pecson. Matapos mapahina ng kilusang magsasaka ang pamilya Pecson sa kontrol sa lupa, pataksil niyang ibinenta sa pamilya Kho ang lupain. Tulad din ng mga naunang mangangamkam sa Pecson, tinangka rin ng pamilya Kho na gawin itong rantso. Dumating ang mga Kho kasama ang kanilang pribadong armadong grupo na may dalang alambre upang bakuran ang lupain.

Ginamit ng mga panginoong maylupa at rantsero ang iba't ibang pamamaraan upang kamkamin ang lupain ng Pecson. Makailang ulit na kinasuhan sa korte ang mga magsasaka. Naging estilo rin nila ang pangwawasak sa kabuhayan tulad ng pagpapahila ng malalaking trak at panununog ng kabahayan at sadyang pagpapalabas sa bakod ng mga alagang baka upang kainin at sirain ang mga pananim ng mga magsasaka. Bahagi rin ng kanilang taktika ang panlilinlang tulad ng pagtangka ni Kho na suhulan ang mga magsasaka. Pinakasukdulan ang pagbaling nila sa karahasang militar upang sindakin ang mga magsasaka at kanilang mga pamilya tulad ng militarisasyon sa mga lupang sakahan at pagpaslang sa mga magsasaka. Karamihan sa mga ito ay naganap sa panahon ng Martial Law sa ilalim ng rehimeng Marcos Sr.



Paglaban ng magsasaka

Hindi nagpatinag ang mga magsasaka sa mga ginawang pandarahas sa kanila ng mga panginoong maylupa at rantsero. Lahatang-panig na kumilos at lumaban ang mga magsasaka. Mula noon hanggang ngayon hindi tumigil ang mga

magsasaka na maglunsad ng iba't ibang porma ng anti-pyudal na pakikibaka upang labanan ang pangangamkam ng mga panginoong maylupa at rantsero sa kanilang lupa.

Naglunsad ng kilusan at pakikibakang masa ang mga magsasaka sa loob ng rantso, hinarap nila ang iba't ibang mga kasong isinampa laban sa kanila. Ilinantad nila sa midya ang iba't ibang tangkang kamkamin ang kanilang lupa. Hindi umalis ang mga magsasaka sa kanilang lupain sa halip, ilang ulit silang nagsagawa ng kilos protesta at pakikipagdiyalogo sa iba't ibang ahensya ng gubyerno tulad ng DAR. Patuloy silang nagbungkal ng lupa sa pamamagitan ng sama-samang produksyon. Matiyaga rin nilang binuwag anumang tangka na bakuran at postehan ang lupain ng Pecson.

Maraming tagumpay ang nakamit ng magsasaka matapos ang walang kapagurang pakikibaka laban sa mga mangangamkam na panginoong maylupa at rantsero. Naalis nila ang sistemang pintakasi o libreng pagtrabaho sa pamilya ng panginoong maylupa o rantsero isang beses kada linggo. Mula sa kwarta parte na hatian, nagawa nilang gawin itong tersyo parte pabor sa mga magsasaka habang karga ng panginoong maylupa at rantsero ang gastos ng produksyon. Napababa din nila ang usura o tantos ng pautang ng mga usurerong panginoong maylupa at rantsero. Ibinunga rin ng kanilang paglaban ang pagkilala ng korte sa kanilang karapatan bilang lehitimong magsasaka. Higit sa lahat, idinulot ng kanilang paglaban ang pagpapalayas sa mga panginoong maylupa at rantsero sa lupain ng Pecson.

Sa proseso ng pakikibaka, maraming magsasaka ang nakilala ang rebolusyon bilang mas mataas na antas na porma ng paglaban.

Ang banta ng rehimeng Marcos II

Sa pagbalik ng mga Marcos sa kapangyarihan, muling nahahamon ang mga tagumpay na nakamit ng magsasaka sa Pecson. Sa pagkaluklok ni Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr mas naging agresibo ang kanyang mga lokal na kasabwat na agawin muli ang Rantso Pecson. Bahagi ito ng pakana ni Marcos Junior na mabawing muli ang lupaing dating kontrolado ng kanyang pamilya mula sa mga magsasaka.

Para maisaktuparan ito, binugsuan ng atakeng militar ang rantso. Noong Hulyo 25, sinalakay ng AFP-PNP-CAFGU at armadong grupo ni Brgy. Captain Adriel "Boyet" Besana ang mga magsasaka sa Pecson. Sapilitang pinalalayas ang halos isang 100 pamilya sa kanilang lupang sakahan. Muling binakuran ng pwersa ng estado at mga armadong grupo ang lupain ng Pecson. Sinubukan din ng mga militar at ng armadong grupo ni Besana na silawin sa halagang 50 libong piso ang magsasaka kapalit ng paglisan ng mga ito sa kanilang lupang binubungkal. Upang sindakin ang mga magsasaka, pinaslang ng 2nd IBPA at armadong grupo ni Besana si Manuel Cos habang nagtatanim ng kamote sa kanyang sakahan noong ika-1 ng Setyembre sa So. Baldoza, Brgy. Cabungahan, Cawayan.

Pagharap ng mga magsasaka

Sa kabila ng pandarahas at pangpresyur karamihan sa mga magsasaka ay nanindigang manatili at ipagtanggol ang kanilang karapatang magsaka. Matapang nilang hinarap ang atakeng militar sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos. Nakahanda silang lumaban at ipagtanggol ang kanilang buhay at kabuhayan sa anumang susunod na hakbang na gagawin ng mga mangangamkam na PML at rantsero.

Kadugtong na ng buhay ng magsasaka ang lupa na siyang binubungkal at ikinabubuhay ng kanilang pamilya sa mahabang panahon. Wala silang ibang maaasahan kundi ang kanilang nagkakaisang lakas, sama-samang pagkilos at ang pag-abot sa pinakamalawak na suporta ng mamamayan. Alam din nila na hangga't hindi nababago ang bulok na sistema ng bansa walang katiyakan ang kanilang buhay at kabuhayan. Tanging sa pagsulong ng digmang bayan makakamit ang katiyakan at seguridad sa lupa at kabuhayan ng mga magsasaka.▼

Mga rebel returnees sa Masbate, gi-armasan sa reaksyonaryong estado aron himuong parapatay-tawo batok sa pumuluyong Masbatenyo



Maihap ra sa tudlo ang tinuod nga membro sa New People's Army kun NPA gikan sa tanang giparada og gipanghambog sa goberno og AFP-PNP nga misurender sa ilaha. Ang maong mga misurender, adunay dili maayo nga binuhatan sulod sa rebolusyonaryong kalihukan. Dili nila nahimong sundon o tumanon ang puthaw nga disiplina og rebolusyonaryong panindugan sa hukbo og Partido. Gibiyaan nila ang tumong sa rebolusyon nga serbisyuhan ang katawhan og resolbahon ang hinungdan sa tumang kalisod. Ang pipila kanila mipahawa sa kalihukan tungod dili kinaya ang mga kabudlay isip sundalo sa katawhang kabos og dinaogdaog.

Walay sweldo nga ginadawat ang NPA sa tunga sa mga kabudlay alang sa pagpanalipod sa katawhang dinaogdaog og nilupigan og sa pagpaningkamot nga makab-ot ang tinuod nga kagawasan sa nasud. Apan gigamit sa reaksyunaryong goberno, militari og pulis ang lokalisadong usapang pangkapayapaan o kampanyang pasurender aron linglahon ang katawhang nakigbisog. May pipila nga nailad sa maong programa nga kasagaran ang adunay dili maayong rekord sa kalihukan sa pagsunod sa balaod. Kasagaran, dili andam nga atubangon ang aksyong pandisiplina nga ginapatuman sa kinsa may nakasayop o nakahimo ug batok sa balaod sa kalihukan. Ang pagwagtang sa pagpahimulos og panaogdaog sa tawo ngadto sa kapareho niya tawo mao ang pinakasentrong balaod sa rebolusyonaryong kalihukan.

Ang managsuong Ernan Banggalisan na naila sa pangan isip "Ka Jonas", Norman Banggalisan "Ka Jade" og si Arman Banggalisan "Ka Ares" ang naunang nagtodo kooperar sa militar aron gub-on ang hitsura sa rebolusyonaryong kalihukan sa probinsya sa Masbate. Gisundan kini sa pagsurender sa uban pang dating NPA human hulgaa sa mga militari og sa mga mibaliktad nga Banggalisan. Ang pipila sa ila way kalabutan sa kalihukan o NPA, apan tungod sa dakong pondo sa E-CLIP, gipugos sila pagpasurender sa militari og pulis aron ilahang mabulsa ang dakong kantidad sa maong programa.

Bisan pa adunay pipila nga miboluntad pagsurender, mas daghan pa gihapon ang napugos lang magpagamit sa kaaway tungod sa pagpanghadlok. Gibaharan sila nga pamatyon ang ilahang mga pamilya og kaanak kung dili magkooperar sa militari og pulis.

Matag karun ug unya, nga adunay programa nga pagpasurender og pagpaalaot sa rebolusyonaryong kalihukan og sa NPA, ginapaistorya sa mga militari ang maong mga rebel returnees. Ginahimo usab silang giya sa mga operasyon sa militari og pulis.

Klaro nga usa ka pagpangilad sa goberno, militari og pulis sa katawhang nakigbisog ang programang pagpasurender. Napamatud-ang dili makahatag ug kasiguraduhan sa ilahang kaluwasan og kinabuhi ang pagpagamit sa militar og pulis. Kadaghanan sa mga nagsurender, ilabi na ang mga pinugos ang way nadawat ni sentimo sa ilawom sa programang ECLIP. Ang kwartang alang unta sa mga surenderi, ginabulsa sa mga opisyal sa militari og pulis alang sa ilahang kurakot. Samtang may pipila sa mga mibaliktad ang gipatay ra pud sa militari tungod dili na mapuslan. Gipagawas lang nga namatay sa engkwentro nga membro sa NPA.

Ang pipilang nagsurender kaparte na sa gera. Tungod niini imbis nga muhuyang ang kalihukan, mas mikusog pa kini tungod sa gihimong pagpamigos sa mga militari og pulis sa katawhang Masbatenyo. Sa kamatuoran, mas daghan nga pumuluyo, ilabi na mga kabatan-unan ang gusto nga mu-entra sa armadong pakigbisog og mahimong pultaym sa Bagong Hukbong Bayan o bag-ong

sundalo sa katawhang kabos. Mantinido gihapon ang suporta sa pumuluyong Masbatenyo sa rebolusyonaryong kalihukan. Dili magmalampuson ang goberno, militari og pulis nga linglahon ang katawhang nakigbisog alang sa tinud-anay nga kalinaw og kagawasan sa nasud.▼



KUSOG BALITA

Mga taktikal na opensiba ikinasa ng BHB laban sa tumitinding atakeng pasista at neoliberal sa Masbate

Sa taong 2022, naglunsad ang Jose Rapsing Command- Bagong Hukbong Bayan Masbate ng mga taktikal na opensiba laban sa AFP-PNP-CAFGU sa patuloy nitong kontrainsurhensyang kampanya at pagprotekta sa mga malalaking proyektong neoliberal sa prubinsya. Umaabot sa 26 iba't ibang tipo ng aksyong militar ang isinagawa ng Hukbo kung saan karamihan ay aksyong pamamarusa. Mahigit 25 ang napaslang habang mahigit 22 ang sugatan sa hanay ng AFP-PNP-CAFGU, rebel returnees at iba pang mga ahente ng militar.

Kabilang dito ang magkasunod na ilinunsad na isnayp laban sa 2nd Infantry Battalion Philippine Army (2nd IBPA) at armadong grupo ni Brgy. Capt. Adriel "Boyet" Besana. Isinagawa ang unang pagbira noong Hulyo 30, 2022 sa So. Calmad, Brgy. Madbad, Cawayan. Sinundan ito noong Agosto 18, alas-6 ng umaga sa So. Baldoza, Brgy. Cabungahan, Cawayan. Nagtamo ng 2 patay at 3 sugatan sa panig ng kaaway, kabilang si Besana. Ang mga ilinunsad na isnayp ay bahagi ng pagtugon ng Hukbo sa tangka ni Bongbong Marcos, Jr. at mga lokal na alyado sa prubinsya na muling agawin ang mga lupaing sakahan ng magsasaka, tulad ng rantsong Pecson.

Matagal ng target ng rebolusyonaryong kilusan si Brgy. Capt. Besana, matapos siyang makipagtulungan at maging tuta ng AFP-PNP-CAFGU upang palayasin at muling kamkamin ang lupang sakahan ng

BAGONG HUKBONG BAYAN

Soldados san pobre, Tagapagtanggol ng masang Masbatenyo!

85+ mga aksyong gerilya laban sa AFP-PNP, CAFGU at iba pang ahenteng militar (mula 2021)

higit kumpanya

tinamong kaswalti ng kaaway sa mga aksyong gerilya

Ilang mga tampok na aksyon

Mga aksyong militar laban sa pagkamkam ng lupa at iba pang pakanang neoliberal

Mga serye ng operasyong isnayp laban kay Boyet Besana, 2nd IBPA at mga tropa ng CAFGU na responsable sa pagpapalayas sa mga magsasaka ng rantsong Pecson


Paglaban sa RCSP

Sa Brgy. Rizal, Palanas, 5 ang patay at 17 ang sugatan sa matagumpay na ambus sa tropa ng 2nd IBPA at 31st IBPA noong Hulyo 10, 2021.

Pito ang patay habang lima ang sugatan sa mga militar sa isinagawang operasyong CDX sa Brgy. Sawang, bayan ng Uson noong Mayo 23, 2021

Dalawa ang patay at tatlo ang sugatan sa isinagawang demolisyon sa Brgy. Malinta, Masbate City noong 2021.

Walo naman ang kaswalti sa operasyong haras sa kampo ng militar sa Brgy. Danao, San Jacinto, isla ng Ticao noong Abril 2022



mga magsasaka sa Brgy. Pananawan, Cawayan noong Abril 2019. Mula noon, tuluy-tuloy na ang pakikipagtulungan at pagpapakatuta ni Besana sa AFP-PNP-CAFGU. Naging mahusay siyang tagapagpatupad sa EO 70-NTF-ELCAC bilang pinuno ng barangay at sa sapilitang pagpapasuko sa mga sibilyan gamit ang programang E-CLIP ng reaksyunaryong gubyerno. Nangunguna naman ang 2nd IBPA sa paghasik ng karahasan upang pwersahang pasukuin ang masang magsasaka sa kanilang lupang binubungkal. Naging tagapagbantay din ang pasistang tropa sa paglalagay ng bakod sa lupain ng Pecson.

Nagdiwang naman ang mamamayan sa isla ng Ticao matapos matagumpay na isinagawa ng isang tim ng pulang mandirigma ang aksyong demolisyon laban sa isang iskwad ng Charlie Coy ng 2nd IBPA noong Agosto 11, alas-11 ng gabi sa So. Puro, Brgy. Talisay, San Fernando. Lima (5) ang patay at tatlo (3) sugatan sa panig ng kaaway habang ligtas naman na nakaatras ang tim ng BHB.

Ang ilinunsad na demolisyon ay upang bigyang tugon ang kahingian ng mamamayan na mabigyan ng hustisya ang mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao ng AFP-PNP-CAFGU sa isla ng Ticao. Pinasusubalian din nito ang mga dinuktor na kwento ng AFP-PNP-CAFGU na papahina na ang rebolusyonaryong kilusan sa isla.

Matagal nang ginagalugad ng AFP-PNP-CAFGU ang mga barangay sa bayan ng San Fernando at iba pang kanugnog na bayan. Nagsasagawa ang pasistang tropa ng Retooled Community Support Program (RCSP) sa naturang mga lugar. Marami ang naging biktima ng sapilitang pagpapasurender, pagdukot, pambubugbog at pinaslang ng AFP-PNP-CAFGU sa tabing ng RCSP at Enhanced Comprehensive Livelihood Integration Program (E-CLIP).

Labis na takot at pangamba ang naramdaman ng mga residente dahil sa ginagawang pambabanta, pananakot, pambabastos sa kababaihan, iligal na panghahalughog sa kabahayan at iligal na pag-aresto sa mga sibilyan sa mga lugar na may presensya ng AFP-PNP-CAFGU.

Ang pagbuhos ng pwersa ng AFP-PNP-CAFGU at tumitinding militarisasyon sa isla ng Ticao at buong prubinsya ay bahagi ng nagpapatuloy na mga neoliberal na proyekto na itatayo sa Masbate. Ang AFP-PNP-CAFGU ang nagsisilbing tagabantay at nagtitiyak na walang maging hadlang sa naturang mga proyektong neoliberal tulad ng ekoturismo, mina, pagrarantso at ang planong pagtatayo ng bagong Masbate Airport.

Samantala, nagtamo ng anim (6) na patay at tatlong (3) sugatan ang pinagsanib na pwersa ng 2nd IBPA, 96th IBPA at Regional Special Operation Task Force (RSOTF) matapos aktibong nakapagdepensa ang BHB sa tangkang pagkubkob noong Abril 18, 2022, alas-7 ng umaga sa Brgy. Buenasuerte, Pio V. Corpuz, Masbate. Tumagal ng 20 minuto ang palitan ng putok. Wala namang natamong kaswalti sa hanay ng BHB.

Ang 27-taong pakikibaka ni Juan Alcomindas

*"**Ka Ramon, baka mahirapan ka na sa pagmaniobra kung sakali mapalaban tayo. Aba, basta pumuputok at hindi lang papalya itong bulldog ko, kayang-kaya ko pang makipagsagupaan sa kaaway".*** Ito ang sagot ni Ka Ramon ng minsan ay nagpahayag ng biniro at pag-alala ang mga kasama sa kanyang kalusugan lalo pa maituturing na siyang beterano ng Bagong Hukbong Bayan.


Si Juan Alcomindas na nakilala ng mga kasama at masa sa mga pangalang Ka Roy, Ka Mao, Ka Pulin at Ka Ramon ay ipinanganak sa Brgy. Balatucan, Mobo, Masbate noong 1964. Nagmula siya sa uring gitnang-panggitnang magsasaka. Isang butihing ama at mapagmahal na asawa si Ka Ramon para sa kanyang pamilya.

Taong 1995 nagpasyang sumampa ni Ka Ramon sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa edad na 31-anyos.

Kabilang siya sa unang bats ng mga Masbatenyong nabigyan ng pag-aaral ng mga kasama kaugnay sa kasaysayan sa paglaban sa Pilipinas laluna sa prubinsya ng Masbate. Isa rin siya sa unang nabigyan ng pag-aaral tungkol sa mga pagkakamali at kilusang pagwawasto ng rebolusyong kilusan.

Makalipas ang dalawang taon (1997), naging ganap na kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) si Ka Ramon. Sa parehong taon, itinalaga siya ng Partido bilang iskwad lider sa isang yunit ng gawaing masa sa bayan ng Mobo at taga-ayos ng maaaring maging panibagong ruta ng mga kasama sa bayan ng Uson.

Upang muling marekober ang mga lugar na matagal napabayaan sa panahon ng paglihis ng landas ng rebolusyonaryong kilusan, isa si Ka Ramon sa ipinadala sa isla ng Ticao noong 1998. Itinakda siya bilang tim lider ng social investigation o SI tim na naging ganap na Mala-Ligal na Pangkat kinalaunan. Dahil sa mahusay niyang paggampan sa mga tungkuling iniatas sa kanya ng Partido, itinalaga siya noong 1999 bilang pangalawang kalihim ng komiteng seksyon ng Partido sa pinadalang armadong yunit sa isla.



Kung gaano katindi ang pagsusumikap ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)) upang muling marekober ang isla ng Ticao, ganun din ang desperasyon ng kaaway upang hadlangang magtagumpay ito. Taong 2000, nakasabay si Ka Ramon sa ilinunsad na reyd laban kay Edwin Espiloy, isang police intel sa Brgy. Real, Monreal na ikinasawi ng dalawang kasama at lubhang ikinasugat ni Ka Ramon sa tagiliran ng kanyang ulo. Naapektuhan ng naturang pagkasugat ang kanyang mental na kapasidad at kanyang paningin. Matagumpay naman na napatawan ng parusang kamatayan si Espiloy.

Mula 2001 hanggang 2016, naging kabahagi si Ka Ramon sa military staff ng prubinsya. Binalikat niya ang tungkulin ng buong pagpursige at kahusayan sa kabila ng kanyang limitasyon at kahinaan. Hindi naging hadlang sa kaniya ang malabong paningin na naapektuhan sa panahon na tinamaan siya sa ulo. Matapos ang 15 taon sa military staff ay naitalaga siya bilang myembro ng komite sa isang larangan sa prubinsya sa loob ng isang taon. Dahil sa pangangailangan ng military staff ng prubinsya sa kakayahan ni Ka Ramon, muli siyang itinalaga sa naturang gawain mula 2019 hanggang 2022.

Noong Marso 15, 2022, nakubkob ng militar ang base nila Ka Ramon. Sa kabila ng kanyang kahinaan at edad, pinatunayan niyang kaya pa niyang makipagsagupaan sa kaaway. Isa siya sa nagmantine at humarap sa atake ng kaaway upang ligtas na makamaniobra ang ibang kasamahan.

Nasawi si Ka Ramon na nananatiling matatag ang paninindigang ipagpatuloy ang laban hanggang sa huli. Nasawi siyang patuloy na lumalaban.

Sa buong panahon ni Ka Ramon sa rebolusyon, mahigpit niyang pinanghawakan ang prinsipyong simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka. Sa kabila ng mga pinagdaanang pagsubok sa pamilya at rebolusyon, nanatiling matatag ang paninindigan ni Ka Ramon sa pangangailangang isulong ang digmang bayan sa Masbate.

Kilala rin siya sa pagiging matulungin at mahigpit sa seguridad. Magiliw niyang tinutulungan at tinuturuan ang mga bagong mandirigma sa paggampan sa gawaing kusina at mahigpit na pagbabantay sa seguridad. Palagi rin niyang pinaalalahanan ang mga ito sa kahalagahan ng mga segundaryong gawain sa pang-araw-araw na gawain ng mga kasama sa panahon ng mga pagtatasa at pagpupunahan.

Hindi magmamaliw ang mga alaalang iniwan at pagmamahal ng mga kasama at masa kay Juan “Ka Ramon” Alcomindas na buong giting na inialay ang

kanyang buhay upang ipagtanggol ang interes ng mamamayan. Ang kanyang buhay at karanasan sa loob ng rebolusyonaryong kilusan ay magiging inspirasyon ng lahat ng mga kasama at masa hindi lang sa mga nakakilala na sa kanya kundi sa iba pang Ka Roy, Ka Mao, Ka Pulin at Ka Ramon na sisibol at tatangan ng armas upang ibagsak ang reaksyunaryong estado at kamtin ang sosyalistang lipunan.



Hamon sa masang Masbatenyo

Tula ni Ka Cardo

Nangahadlok kag nagkalisud an mga parag-uma
tungod sa AFP kag PNP na mga pasista
sinda ang naghatag kalisud sa mga parag-uma
grabi ang kahadlok tungod sa kalokohang
indang ginapakita
dara pa pangawat sa mga kagamitan pang-uma
pareha san sundang, hayop, kag iba pa
ang pang-aabuso sa mga kababaihan kasabay pa

Pinirit sa pagpasurender an mga tawo
para inda ilayo sa indang Hukbo
ang kadamuan na mga tawo ginaloko
ginapatuod sa mga programa san goberno
para tahuban dili lang ang krimen sa pulis og sundalo
kundi pati ang dili pagresolba sa hinungdan sa
problema san pumuluyo

Sa panahon san RCSP na among militarisasyon
nindang programa
ginparalingla ang mga parag-uma
hinadlok na, ginkwartahan pa
ginpalayas sa indang puluy-an kag omahang duta

Pinakagrabeng krimin na ginhimo
san mga berdugong sundalo san estado
amo ang pagpatay kag
pagmasaker sa
pumuluyo
mga sibilyang narigo
sa indang dugo
ginpaluwas na
namatay sa
engkwentro

Tumong san militarisasyon kag terorismo
isulod an mga kontra sa pumuluyo na neoliberal na
proyekto
ekspansyon san dambuhalang mina sa oro
pangmayamang proyektong ekoturismo
subling pagbalik san mga rantso
kag airport na way pulos sa tawo

Didi napamatud-an kun sin-o an
matuod na terorista
na amo an desperado kag hadlok
na mga pasista
na nagahatag san problema
sa mga parag-uuma

Wara san kabayadan an inda ginhimo
na paglapas sa tawhanong katungod kag pang-abuso
kaya amo na ini an panahon
para ang mga pasista'y sukton
ang panawagan san mga biktima
kab-oton ang rebolusyonaryong hustisya

Kaya ginapaningkamutan san Partido
na mas pakusugon pa ang pagkaurosad
san mga tawo
mga parag-uma makipag-urusad sa mga obrero
panalipdan ang duta, katungod, kinabuhi alang sa
kinabuwasan sa bag-ong henerasyong Masbatenyo
pakigbisugan ang atakeng pasismo
kag neoliberalismo

Para sa mga Masbatenyo na naghahandom na
makab-ot an kagawasan amo na ini ang panahon
para makigbisog og
kab-oton an kadaugan
kabatan-unan sumampa
na sa Bagong
Hukbong Bayan
Isulong ang
digmang bayan!

